

Pagpapasiya Kung Kailan Tatanggalin ang isang Tagabigay

Bilang isang tagapag-employo, may karapatan kang tanggalin ang iyong tagabigay sa anumang kadahilanan, ngunit dapat mong pag-isipang mabuti ang desisyong ito bago ka kumilos.

Maaari bang malutas ang mga problema?

Maaaring mahirap sabihin sa isang tao na hindi mo na kailangan ang kanilang mga serbisyo. Subukang ayusin ang anumang maliliit na problema sa iyong tagabigay bago ka magpasiyang tanggalin siya.

Makipag-usap sa iyong tagabigay tungkol sa iyong mga alalahanin.

- Subukang sabihin sa iyong tagabigay sa sandaling makakita ka ng problema. Pinakamabuting huwag hayaang lumaki pa ang problema. Gayunpaman, kung mangyayari ito, gumawa ng listahan ng mga bagay na hindi ka nasisiyahan at magpasiya kung ano ang dapat baguhin upang mapanatili mo ang iyong tagabigay. Magkaroon ng pag-uusap sa iyong tagabigay at magkaroon ng kasunduan tungkol sa anumang mga pagpapahusay na kailangan mong makita sa kanyang pagganap sa trabaho. Sabihin sa kanya kung kailan kailangang gawin ang mga pagpapabuti.
- Tandaan na ang komunikasyon ay isang pagbibigayan. Pahintulutan ang iyong tagabigay na magtanong at maging bukas sa anumang mga iniisip at alalahanin na maaaring mayroon siya.
- Kung hindi ka komportable tungkol sa pagkakaroon ng pag-uusap na ito nang mag-isa, humiling sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya na dumalo para suportahan ka.

Kung ang iyong tagabigay ay hindi gustong magbago:

Kung ang iyong tagabigay ay hindi nagbabago sa kanyang ginagawa, maaaring oras na upang tapusin ang kanyang trabaho. Kung ito ay posible, pinakamabuti na bigyan ang iyong tagabigay ng dalawang linggong abiso. Mabibigyan siya nito ng oras na maghanap ng bagong trabaho at ikaw rin para makahanap ng bagong tagabigay.

Tanggalin kaagad ang isang mapanganib na tagabigay!

Kung tinatrato ka ng iyong tagabigay sa isang mapang-abuso o pagbabantang paraan, dapat mo siyang tanggalin kaagad at makipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas at/o Adult Protective Services. Ang iyong personal na kaligtasan ay ang pinakamahalaga. Kung kailangan mo ng tulong sa paggawa nito, tawagan ang iyong tanggapan ng IHSS ng county, mga kaibigan, o mga miyembro ng pamilya upang

tulongan ka.

Ilang mga dahilan sa pagtanggap ng isang tagabigay ay maaaring:

- Hindi natutugunan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga
- Nagnanakaw ng iyong pera o personal na ari-arian
- Madalas na huli sa pagpasok o hindi man lang pumasok sa trabaho
- Paggamit ng iyong personal na pag-aari nang walang pahintulot

Kung kailangan mong tanggalin ang iyong tagabigay nang walang abiso, mayroon kang ilang mga opsyon upang mabilis na makahanap ng bagong tao:

- Makipag-ugnayan sa iyong Public Authority para sa listahan ng mga makukuhang mga tagabigay.
- Humingi ng panandaliang tulong sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan (tandaan, lahat ng mga tagabigay ay dapat na makuhanan ng fingerprint at pumasa sa pagsusuri ng pangkriminal na nakaraan upang mabayaran ng IHSS).

Palaging makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng IHSS ng county kung magpapalit ka ng mga tagabigay.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng IHSS ng county.